



# Tungkol sa Kalusugan

## Lactic Acidosis

### Ano ang Lactic Acidosis?

Ang lactic acidosis ay isang pambihira ngunit malubhang kundisyon na dala ng pagkakaroon ng labis na lactate sa dugo. Ang lactate ay kimikong lumalabas habang gumagawa ng “energy” sa mga cells. Kapag mataas ang level ng lactate, ang dugo ay nagiging labis na acidic at maaring makapinsala sa mga cells sa katawan.

### Ano ang sanhi ng Lactic Acidosis?

Ang lactic acidosis ay dala ng pagkasira ng mitochondria. Ang mitochondria ay mga istrukturang nasa mga cells na nagsasalin ng ating kinakain upang makagawa ng “energy” na kinakailangan natin. Ang mitochondria ay karaniwang gumagamit ng oxygen upang ang glucose (sugar) ay gawin nitong “energy”. Kung hindi sapat ang oxygen o kung ang mitochondria ay hindi gumagana ng maayos, ang mga cells ay kinakailangang gumawa ng “energy” sa ibang paraan. Ang paggawa ng energy ng walang oxygen ang nagbibigay bunga sa lactic acid. Ang lactic acid ay mabilis na nagiging lactate sa dugo at ginagawang acidic ito. Karaniwan nang ang lactate ay sinisira ng atay.

Ang level ng lactate sa mga taong may lactic acidosis, ay abnormal ang taas (hyperlactemia), at ito’y maaring dahilan ng paggawa ng labis na lactate, o hindi kaya ng kanilang atay ang pagsira sa lactate.

### Sino ang nanganganib sa lactic acidosis?

Ang mga taong may HIV, na gumagamit ng Nukes o nucleoside reverse transcriptase inhibitors (NRTI) laban sa HIV ay nanganganib sa lactic acidosis. Ang NRTIs ay maaring maging sanhi ng lactic acidosis dahil sa dalawang paraan: ang pagkasira ng mitochondria, o ang pagkasira ng atay.

Ang NRTI ay nakasisira sa mitochondria dahil sa hinaharangan nito ang isa sa mga protinang kinakailangan ng mitochondria para umandar nang maayos. Kapag ang mitochondria ay hindi gumagana nang maayos, may sobrang lactic acid na lumilitaw.

Ang NRTI ay maari ding maging sanhi ng maraming taba sa atay. Ang matabang atay ay hindi gaanong gumagana at hindi makayang sirain ang lactate, tuloy tumataas ang level ng lactate sa dugo.

Bagama’t lahat ng NRTI ay nagpapataas sa level ng lactate, mukhang mas malakas ang panganib sa mga umiinom ng Zerit (d4T) at Videx (ddI, didanosine) kaysa doon sa mga umiinom ng ibang NRTIs. Isa pa, ang mga kababaihan, lalo na ang mga nagdadalang-tao, o mga taong mataas ang timbang, at yung mga may Hepatitis C na umiinom ng Rebetrol (ribavirin), ay mas mataas rin ang panganib na magka lactic acidosis.



## Ano ang mga palatandaan at simtomas ng lactic acidosis?

Ang mga sumusunod ay kabilang sa mga simtomas at palatandaan ng lactic acidosis:

- Pagkaduwal, pagsusuka, at sakit ng sikmura
- Hindi maipaliwanag na matinding pagkapagod at pamamayay
- Mabilis na paghinga, at mahirap na paghinga
- Kawalan ng ganang kumain
- Paglaki o pagsakit ng atay
- Sakit o pamumulikat ng kalamnan
- Pamamanhid o pamimitig ng mga daliri sa kamay at sa paa
- Panghihina ng kalamnan na mabilis ang paglala
- Abnormal na tibok ng puso

## Ano ang gamot sa lactic acidosis?

Kapag napag-alamang may lactic acidosis, karaniwang nairerekomenda na ang paginom ng mga NRTI ay itigil. Sa mga malalang kaso, maaring maospital at kailanganing ma-swerohan. May mga taong maaring mangailangan ng tulong ng makina sa paghinga.

May ilang mga kagamutang naihahatol at nasubukan nang makapigil at makagamot sa lactic acidosis, kabilang nito ang:

- riboflavin (Vitamin B2)
- thiamine (Vitamin B1)
- anti-oxidants such as NAC and alpha lipoic acid
- acetyl L-carnitine
- coenzyme Q10
- Vitamins C, E & K

Kaya lamang, ang bisa ng mga kagamutang ito ay hindi pa napatutunayan nang husto ng mga pag-aaral na klinikal.

## Anong maari kong gawin kung sa tingin ko'y maron akong lactic acidosis?

Sa kasalukuyan, wala pang test, o pagsusuri na makapagpapabatid kung sino ang nanganganib na magkaroon ng lactic acidosis. Ang taas sa level ng lactate ay hindi isang test o pagsusuri na madaling isagawa nang tama para makatulong sa pagsisiyasat sa kondisyong ito. Kung sa tingin mo'y nanganganib ka o may nararamdaman kang simtomas, kontakin ang iyong manggagamot para masuri ka at matingnang lahat ang iyong mga simtomas. Huwag mong itigil ang paginom ng mga gamot laban sa HIV hanggang hindi mo nakakausap ang iyong manggagamot.

**Copyright @ACAS 2001 & 2006.** This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : [www.acas.org/treatment](http://www.acas.org/treatment). ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: [support@acas.org](mailto:support@acas.org)

**Legal Disclaimer:** While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.